

Senior High School



FILIPINO SA PILING LARANGAN - AKADEMIK

**Kwartar 1 – Modyul 1:
Ang Kahalagahan ng Pagsusulat
at Ang Akademikong Pagsulat**



Filipino sa Piling Larangan–Akademik – Senior High School

Alternative Delivery Mode

Unang Kwartar-Module 1: Ang Kahalagahan ng Pagsulat at Ang Akademikong Pagsulat

Ikalawang Edisyon, 2021

Isinasaad ng Batas Republika 8293, seksyon 176 na “Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang mga hiniram na materyales (awit, kuwento, tula, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon.

Pinagsikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng mga materyales o mga kagamitang pampagtuturo na nasa online o sa mga aklat at iba pa . Hindi inangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang pagmamay-ari ng mga ito.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Alain Del B. Pascua

Mga bumubuo ng Modyul para sa mga Mag-aaral

Manunulat: Michelle M. Aguinaldo, Jamela R. Amerol, Myra C. Cuenca, Wilma J. Gasal, Charity A. Gonzalez, Cristine S. Monternel, Glenda J. Paradillo, Milen Joyce N. Torres, Vanessa Fher M. Temporada-Blasé

Tagasuri ng Nilalaman: Jesusa V. Sulayao

Tagaguhit: Jay Michael A. Calipusan

Naglayout: Jay Michael A. Calipusan

Mga Tagapamahala: Eliseo M. Maribao, EPS-I

Pangulo: Dr. Arturo B. Bayocot, CESO III
Panrehiyong Direktor

Pangalawang Pangulo: Dr. Victor G. De Gracia Jr. CESO V

Pangalawang Panrehiyong Direktor

Mala Epra B. Magnaong, Chief ES, CLMD

Miyembro: Marie Emerald A. Cabigas, PhD, EPS-LRMS; Bienvenido U. Tagolimot, Jr., PhD, EPS-ADM; Eliseo M. Maribao, EPS (Filipino).

Inilimbag sa Pilipinas ng

Kagawaran ng Edukasyon – Sangay ng Cagayan de Oro

Office Address: Don Apolinar Veles Street, Cagayan de Oro City, 9000

Telephone Nos.: (088) 881-3094/ Text: 0917-8992245

E-mail Address: misamis.oriental@deped.gov.ph

Senior High School

**Filipino sa Piling
Larangan - Akademik
Unang Markahan – Modyul 1:
Ang Kahalagahan ng Pagsusulat
at Ang Akademikong Pagsulat**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na **FILIPINO SA PILING LARANG (Akademik)** ay inilimbag upang matugunan ang hangarin ng mga mag-aaral ayon sa kanilang pangangailangan tungo sa isang matagumpay na edukasyon. Ito ay lilingan sa kakayahan upang mahasa ang galing ng bawat kabataan lalo na sa larangan ng akademikong pagsulat.

Ang bawat aralin, babasahin, gawain at mga pagsasanay sa bawat serye ay iniangkop ayon sa kakayahan at interes ng mga mag-aaral ang matuto sa isang makabuluhan, magkaroon ng analitikal, kritikal at mapanuring isip upang magiging handa sa pagharap ng mga totoong hamon sa buhay.

Para mabigyan ka ng pangkalahatang ideya hinggil sa kursong ito, narito ang iba't ibang uri ng akademikong sulatin na tatalakayin sa kabuoan ng iyong pag-aaral. Hindi mo lamang matututunan ang mga ito, kundi magkakaroon ka rin ng sapat na kaalaman at kasanayan kung paano gawin o isulat ang mga sumusunod:

Mga Uri ng Akademikong Sulatin


Abstrak	Posisyong Papel
Sintesis/Buod	Rekplektibong Sanaysay
Panukalang Proyekto	Pictorial Essay
Agenda	Talumpati
Katitikan ng Pulong	

Ang Modyul na ito ay naglalaman ng isang aralin:

- Aralin 1 – Ang Kahalagahan ng Pagsusulat at ang Akademikong Pagsulat

Pagkatapos ng modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Nabibigyang-kahulugan ang akademikong pagsusulat (CS_FA11/12PBOa-c-101)
2. Nakikilalang iba't ibang akademikong sulatin ayon sa (CS_FA11/12PN-Oa-c-90)
 - a. Layunin
 - b. Gamit
 - c. Katangian
 - d. Anyo
3. Nakapagsasagawa ng panimulang pananaliksik kaugnay ng kahulugan at katangian (CS_FA11/12EP-Oa-c-39)
4. Napapahalagahan nag akademikong pagsulat sa pamamagitan ng mga gawain.



Subukin

Panimulang Pagtataya

Gawain 1

Panuto: Sagutin ng TAMA o MALI ang mga pahayag tungkol sa pagsulat. Isulat ang sagot sa inyong papel.

- _____ 1. Ang malikhaing pagsulat at teknikal na pagsulat ay kapwa maituturing na akademikong pagsulat.
- _____ 2. Ang paggamit ng mga kolokyal at balbal na wika ay maituturing na pormal.
- _____ 3. Ang wikang Filipino ang opisyal na wika ng Pilipinas.
- _____ 4. Ang mga awit, kwento at dula ay kabilang sa akademikong pagsulat.
- _____ 5. Hindi dapat isaalang-alang ang paksa at wika at layunin sa anumang sulatin

Aralin

1

Ang Kahalagahan ng Pagsusulat at ang Akademikong Pagsulat



Tuklasin

Alam mo ba na may iba't ibang dahilan ang tao sa pagsusulat? Para sa iba ito ay nagsisilbing aliw sapagkat sa pamamagitan nito ay naibabahagi nila sa ibang mga ideya at kaisipan sa paraang kawili-wili at kaakitakit para sa kanila. Sa mga mag-aaral na katulad mo, ang karaniwang dahilan ng pagsusulat ay matugunan ang pangangailangan sa pag-aaral bilang bahagi sa pagtatamo ng kasanayan.

Gawain 2

Panuto: Basahin at unawain ang mga katanungan sa ibaba at sagutin sa abot ng makakaya. Isulat sa patlang ang inyong sagot.

Sa iyong sariling pananaw, ano nga ba ang kahalagahan ng pagsusulat at ang akademikong pagsulat?



Suriin

Ihanda ang sarili na tumuklas ng isang bago at makabuluhang aralin. Hayaang mahasa ang iyong kakayahan sa pagsulat. Kung kaya simula na natin ang pag-aaral.

Akademikong Pagsulat

Isang masinop at sistematikong pagsulat ukol sa isang karanasang panlipunang. May katangian itong pormal, obhetibo, may paninindigan, may pananagutan, at may kalinawan.

Ang Pagsusulat

Malaking tulong ang pagsusulat lalong lalo na sa mga taong nakasusulat, nakababasa at maging sa pagdokumento ng mga mahahalagang pangyayari. Ayon kay Mabelin (2012), ang pagsusulat ay isang pagpapahayag ng kaalamang kailanman ay hindi maglalaho sa isipan ng mga bumasa at babasa sapagkat ito ay maaaring pasalin-salin sa bawat panahon. Maaaring mawawala ang alaala ng sumulat ngunit ang kaalamang kanyang ibinahagi ay mananatiling kaalaman.

Layunin ng Pagsulat

Ayon kay Mabelin (2012). Ang layunin sa pagsasagawa ng pagsulat ay maaaring mahati sa dalawang bahagi. Una, ito ay maaaring personal o ekspresibo kung saan ang layunin ng pagsulat ay nakabatay sa pansariling pananaw, karanasan, naiisip, o nadarama ng manunulat. Ang ganitong paraan ng pagsulat ay maaaring magdulot sa bumabasa ng kasiyahan, kalungkutan, pagkatakot, o pagkainis depende sa layunin ng taong sumusulat. Ang karaniwang halimbawa nito ay ginagawa ng mga manunulat ng sanaysay, maikling kuwento, tula, dula, awit, at iba pang akdang pampanitikan.

Pangalawa, ito naman ay panlipunan o pansosyal kung saan ang layunin ng pagsulat ay ang makipag-ugnayan sa ibang tao o sa lipunan na ginagalawan. Ang ibang halimbawa nito ay ang pagsulat ng liham, balita, korespondensiya, pananaliksik, sulating panteknikal, tesis, disertasyon, at iba pa.

Sa pangkalahatan, narito ang kahalagahan o ang mga benipesyo na maaaring makuha sa pagsusulat:

1. Mahahasa ang kakayahang mag-organisa ng mga kaisipan at maisulat ito sa pamamagitan ng obhektibong paraan.
2. Malilinang ang kasanayan sa pagsusuri ng mga datos na kakailanganin sa isinisagawang imbestigasyon o pananaliksik.
3. Mahuhubog ang kaisipan sa pamamagitan ng mapanuring pagbasa sa pamamagitan ng pagiging obhektibo sa paglatag ng mga kaisipang isusulat batay sa mga nakalap na impormasyon.
4. Mahihikayat at mapauunlad ang kakayahan ng mag-aaral at makikilatis ang mahahalagang datos na kakailanganin sa pagsulat.

5. Maaaliw sa pagtuklas ng mga bagong kaalaman at pagkakaroon ng pagkakataong makapag-ambag ng kaalaman sa lipunan.
6. Mahuhubog ang pagbibigay pagpapahalaga nang paggalang at pagkilala sa mga gawa at akda.
7. Malilinang ang kasanayan sa pagkalap ng mga impormasyon mula sa iba't ibang batis ng kaalaman para sa akademikong pagsusulat.

Mga Gamit o Pangangailangan sa Pagsulat

Masasabing ang pagsulat ay isang talento dahil hindi lahat ng tao ay may kakayahang lumikha ng isang makabuluhang akda o komposisyon. Kaya naman upang makabuo tayo ng isang magandang sulatin ay kailangang mapukaw ang ating interes. Kailangan nating mabatid ang mga dapat tandaan sa pagsusulat partikular ng akademikong pagsulat. Narito ang mga iilan:

1. Wika- Nagsisilbing behikulo para maisatitik ang mga kaisipan, kaalaman, damdamin, karanasan, impormasyon, at iba pang nais ipabatid ng taong nais sumulat. Dapat matiyak kung anong uri ng wika ang gagamitin upang madaling maunawaan sa uri ng taong babasa ng akda. Nararapat magamit ang wika sa malinaw, masining, tiyak, at payak na paraan.
2. Paksa- Ang pagkakaroon ng isang tiyak at maganda na tema ng isusulat ay isang magandang simula dahil dito iikot ang buong sulatin. Kailangan na magkaroon ng sapat na kaalaman sa paksang isusulat upang maging makabuluhan, at wasto ang mga datos na ilalagay sa akda o komposisyong susulatin.
3. Layunin- Ang layunin ang magsisilbing gabay sa paghabi ng mga datos o nilalaman ng isusulat.
4. Pamaraan ng Pagsulat- May limang paraan ng pagsulat upang mailahad ang kaalaman at kaisipan ng manunulat batay na rin sa layunin o pakay sa pagsusulat.
 - a. Paraang Impormatibo- Ang pangunahing layunin nito ay magbigay ng bagong impormasyon o kabatiran sa mga mambabasa.
 - b. Paraang Ekspresibo- Ang manunulat ay naglalayong magbahagi ng sariling opinyon, paniniwala, ideya, obserbasyon, at kaalaman hingil sa isang tiyak na paksa batay sa kanyang sariling karanasan o pag-aaral.

- c. Pamaraang Naratibo- Ang pangunahing layunin nito ay magkuwento o magsalaysay ng mga pangyayari batay sa magkakaugnay at tiyak na pagkakasunod-sunod.
 - d. Pamaraang Deskriptibo- Ang pangunahing pakay ng pagsulat ay maglarawan ng katangian, anyo, hugis ng mga bagay o pangyayari batay sa mga nakikita, naririnig, natunghayan, naranasan at nasaksihan.
 - e. Pamaraang Argumentatibo- Naglalayong manghikayat o mangumbinsi sa mga mambabasa. Madalas ito ay naglalahad ng mga isyu ng argumentong dapat pagtalunan o pag-usapan.
5. Kasanayang Pampag-iisip- Taglay ng manunulat ang kakayahang maganalisa upang masuri ang mga datos na mahalaga o hindi na impormasyon na ilalapat sa pagsulat. Kailangang makatuwiran ang paghahatol upang makabuo ng malinaw at mabisang pagpapaliwanag at maging obhetibo sa sulating ilalahad.
 6. Kaalaman sa Wastong Pamamaraan ng Pagsulat- Dapat ding isaalangalang sa pagsulat ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa wika at retorika partikular sa wastong paggamit ng malaki at maliit na titik, wastong pagbaybay, paggamit ng batas, pagbuo ng talata, at masining at obhetibong paghabi ng mga kasipan upang makabuo ng isang mahusay na sulatin.
 7. Kasanayan sa Paghahabi ng Buong Sulatin- Ito ay tumutukoy sa kakayahang mailatag ang mga kaisipan at impormasyon mula sa panimula hanggang sa wakas na maayos, organisado, obhetibo, at masining na pamamaraan ang isang komposisyon.

Mga Uri ng Pagsulat

1. Malikhaing Pagsulat (Creative Writing)

Pangunahing layunin nito ay mahatid ng aliw, makapukaw ng damdamin, at makaantig sa imahinasyon at isipan ng mga mambabasa.

Karaniwang bunga ito ng ating malikot na imahenasyon o kathang-isip lamang.

Halimbawa: Maikling kwento, dula, nobela, komiks, iskrip ng teleserye, pelikula, musika, at iba pa.

2. Teknikal na Pagsulat (Technical Writing)

Layuning pag-aralan ang isang proyekto o kaya naman ay bumuo ng isang pag-aaral na kailangan lutasin ang isang problema o suliranin.

Halimbawa: Feasibility Study on the Construction o Platinum Towers in Makati, Project on the Renovation o Royal Theatre in Caloocan City, Proyekto sa Pagsasaayos ng Ilog ng Marikina.

3. Propesyonal na Pagsulat (Professional Writing)

Ito ay kaugnay sa mga sulating may kinalaman sa isang tiyak na larangang natutuhan sa paaralan lalo na sa pagawa ng mga sulatin o pag-aaral tungkol sa napiling propesyon o bokasyon ng isang tao.

Halimbawa: Guro- lesson plan; doktor at nars- medical report, narrative report

4. Dyornalistik na Pagsulat (Journalistic Writing)

Ito ay tungkol sa sulating may kaugnayan sa pamamahayag.

Mahalagang ang mga taong sumusulat nito ay maging bihasa sa pangangalap ng mga totoo, obhetibo, at makabuluhang mga balita at isyung nagaganap sa kasalukuyan na kanyang isusulat sa pahayagan, magasin, o kaya naman ay iuulat sa ardyo at telebisyon.

Halimbawa: balita, editoryal, lathalain, artikulo, at iba pa.

5. Reperensiyal na Pagsulat (Referential Writing)

Layunin ng sulatin na mabigyang pagkilala ang mga pinagkunang kaalaman o impormasyon sa paggawa ng koseptong papel, tesis, at disertasyon.

Halimbawa: Review of Related Literature (RLL), Sanggunian

6. Akademikong Pagsulat (Academic Writing)


Ito ay isang intelektuwal na pagsulat. Ang gawaing ito ay naktutulong sa pagpapataas ng kaalaman ng isang indibidwal sa iba't ibang larang. Ito ay may sinusunod na partikular na kumbensiyon tulad ng pagbibigay ng

suporta sa mga ideyang pangangatuwiran. Layunin nitong maipakita ang resulta ng pagsisiyasat o ginagawang pananaliksik. Kaya naman, sa modyul na ito ay lubos na tatalakayin ang mahahalagang paksa hinggil dito na tiyak na makatutulong nang malaki sa pagharap mo sa totoong buhay lalo na sa larangan ng edukasyon at pagtatrabaho.

Mga Katangiang Dapat Taglayin ng Akademikong Pagsulat

1. Obhetibo- Mahalaga ang tunay at pawang katotohanan ng mga impormasyon. Iwasan ang mga pahayag na batay sa aking pananaw o ayon sa haka-haka o opinyon.
2. Pormal- Iwasan ang paggamit ng mga salitang kolokyal o balbal. Sa halip, gumamit ng mga salitang pormal na madali ng maunawaan ng mga mambabasa. Ang tono o ang himig ng impormasyon ay dapat maging pormal din.
3. Maliwanag at Organisado- Sa paglalahad ay nararapat na maging malinaw at organisadong mga kaisipan at datos. Nakikitaan ng maayos na pagkakasunod-sunod at pagkakaugnay-ugnay ng pangungusap na binubuo nito. Ang pangunahing paksa ay dapat nabibigyang-diin sa sulatin.
4. May Paninindigan- Mahalagang mapanindigan ng sumusulat ang paksang nais niyang bigyang-pansin o pag-aralan, ibig sabihin hindi maganda ang mapagbago-bago ng paksa. Ang layunin nito ay mahalagang mapanindigan hanggang sa matapos ang isusulat. Maging matiyaga sa pagsasagawa ng pananaliksik at pagsisiyasat ng mga datos para matapos ang pagsulat ng napiling paksa.
5. May Pananagutan- Ang mga sanggunian na ginamit sa mga nakalap na datos o impormasyon ay dapat na bigyan ng nararapat na pagkilala. Ito ay isang etika at pagbibigay galang sa awturidad na ginamit bilang sanggunian

Julian A.B. at N.S. Lantoc (2017). *Pinagyamang Pluma: Pagsulat sa Filipino sa Piling Larang (Akademik)*. Quezon City, Quezon City, Phoenix Publishing House Inc.



Pagyamanin

Pagtatalakay ang araling binasa

Gawain 3.1

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na katanungan at isulat ang sagot sa inyong papel.


1. Ano kahulugan ng akademikong pagsulat batay sa iyong binasa?
2. Ano-ano ang kabutihang dulot ng akademikong pagsulat sa buhay ngayon at sa susunod pang mga taon?
3. Bilang isang mag-aaral, naniniwala ka bang dapat talagang kunin ng lahat ang kurso at asignaturang ito? Ipaliwanag ang sagot.
4. Isa-isahin ang mga layunin at kahalagahan ng pagsusulat. Naranasan mo na ba ang benepisyong upang higit na mapaunlad ang iyong kasanayan?
5. Ano-ano ang gamit o pangangailangan sa pagsusulat? Alin dito sa palagay mo ang pinakamahalaga?
6. Ano-ano ang mga kakailanganin sa pagsusulat na sa tingin mo ay napakahalaga. Ipaliwanag nang puspusan ang bawat isa.
7. Alin sa mga katangiang dapat na taglayin ng isang akademikong pagsulat ang alam mo na dapat na pagbutihin?
8. Sa mga sulating napag-aralan, alin dito ang pinakagusto mong gawin?

Gawain 3.2

Upang mas malinang ang iyong kaalaman subukan ang gawaing ito.

Panuto: Isulat sa journal ang sagot sa tanong na ito:

1. Bakit mahalagang matutunan ang kahalagahan, kalikasan, at katangian ng pagsulat partikular ang pagsulat ng akademikong sulatin?



Isaisip

Gawain 4.1

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na pahayag at alamin kung anong uri ng sulating pang-akademiko ang nilalarawan nito. Isulat sa patlang ang inyong sagot.

1. Ang pangunahing layunin ng pagsulat na ito ay ang pagbuo ng isang pagaaral o proyekto.

2. Ang mga paraan na argumentatibo, deskriptibo, impormatibo, naratibo, at ekspresibo ay nakapaloob sa pangangailangang ito.

3. Anyo ito ng pagsulat na ang layunin ay mahatid ng aliw at makapukaw ng damdamin at makaantig ng imahinasyon.

4. Gamit kung saan pangkalahatang umiikot ang pangunahing ideyang dapat nakapaloob sa sinusulat.

5. Ito ay anyong dapat mahasa sa mga propesyonal gaya ng mga doktor, nars, ihenyero at iba pa.

6. Ito ay nagsisilbing gabay sa pagbuo ng mga kaalaman at nilalaman ng pagsulat.

7. Ito ay nagsisilbing behikulo upang maisatitik ang pagsulat.


8. Layunin ng pagsulat nito ay nakabatay sa sariling pananaw, karanasan, naiisip o nadarama gaya ng tula, dula, awit, at iba pang katulad.


9. Ang sulatin itong may nauugnay sa pagpapahayag gaya ng pagsulat ng balita, editoryal, lathalain at iba pa.

10. Ito ay maituturing na haligi sa pagkamit ng mataas na kasanayan at karunungan sa institusyong pang-edukasyon.

Gawain 4.2

Panuto: Gumamit ng sariling papel sa pagsagot at isa-isahin ang mga katangiang dapat taglayin ng Akademikong Pagsulat gamit ang concept map sa ibaba. Magtala ng maikling paliwanag sa bawat baitang





Isagawa

Gawain 5

Panuto: Magsasagawa ng panimulang pananaliksik kaugnay ng kahulugan at katangian ng napiling dalawang uri ng akademikong sulatin sa tulong ng graphic organizer. Ilagay ito sa malinis na bond paper.

1.

Uri ng Akademikong Sulatin:

Nasaliksik

Kahulugan:

Katangian:

Sanggunian:

2.

Uri ng Akademikong Sulatin:

Nasaliksik

Kahulugan:

Katangian:

Sanggunian:



Tayahin

Gawain 6

Panuto: Basahin at unawain ng mabuti ang mga sumusunod na pahayag at isulat sa iyong papel ang wastong titik ng iyong napiling sagot.

1. Ayon sa kanya “Ang pagsusulat ay isang pagpapahayag ng kaalamang kailanman ay hindi maglalaho sa isipan ng mga bumasa at babasa sapagkat ito ay maaaring pasalin-salin sa bawat panahon”.
 - a. Mabelin
 - b. Jose Rizal
 - c. Rodrigo Duterte
 - d. Emilio Jacinto


2. Ito ay nagsisilbing behikulo upang maisatitik ang mga kaisipan, kaalaman, damdamin, karanasan, impormasyon, at iba pang nais ilahad ng isang taong sumusulat.
 - a. Paksa
 - b. Layunin
 - c. Wika
 - d. Pagsulat

3. Ito ay nagsisilbing gabay sa paghabi ng mga datos o nilalaman ng iyong isusulat.
 - a. Paraan
 - b. Layunin
 - c. Personal
 - d. Pagsulat

4. Ginagawa sa layuning pag-aralan ang isang proyekto o kaya naman ay bumuo ng isang pag-aaral na kailangang lutasin ang isang problema o suliranin.
 - a. Teknikal na Pagsulat
 - b. Malikhaing Pagsulat
 - c. Akademikong Pagsulat
 - d. Dyornaliktik na Pagsulat

5. Ito ay may kinalaman sa isang tiyak na larangang natutuhan sa akademya o paaralan.
 - a. Reperensiyal na Pagssulat
 - b. Malikhaing Pagsulat
 - c. Akademikong Pagsulat
 - d. Propesyonal na Pagsulat

6. Ang ginamit na mga sanggunian ng mga nakalap na datos o impormasyon ay dapat na bigyan ng nararapat na pagkilala.
- May paninindigan
 - May pananagutan
 - Maliwanag at organisado
 - Pormal
7. Alin sa mga sumusunod ang katangian na dapat taglayin ng isang mabuting manunulat.
- Pagiging impormal sa paglalahad ng pambabatikos.
 - Pagsaalang-alang sa paksa, layunin at mga salitang gagamitin upang maging mabisa ang paglalahad ng isang sulatin.
 - Paggamit ng mga mahihirap na salita upang mahirap unawain.
 - Pagiging lantaran sa mga sensitibong usapin.
8. Alin sa mga sumusunod ang angkop na paglalarawan sa akademikong sulatin?
- Ito ay mahirap gawin at hindi nakatutulong sa mga mag-aaral
 - Ito ay nakabatay lamang sa mga sulatin na may kaugnayan sa akademiko lalo na sa paaralan.
 - Hindi na kailangan pag-aralan dahil madali lang itong matututunan.
 - Mahalagang matutunan upang maging maayos, makabuluhan, nakakaangat sa pagsulat bilang tugon sa mahigpit na kompetisyon sa larangan ng edukasyon at trabaho.
9. Mahalagang iwasan ang paggamit ng mga wikang kolokyal at balbal sa halip ay gumamit ng mga salitang madaling maunawaan.
- Impormal
 - Pormal
 - Kaakit-akit
 - Paglalahad
10. Ang mga kaisipan ay nararapat maayos ang pagkakasunod-sunod at malinaw ang paglalahad nito.
- May paninindigan
 - May pananagutan
 - Maliwanag at organisado
 - Obhetibo



Karagdagang Gawain

Gawain 7

Panuto: Unawaing mabuti ang pahayag at isulat sa iyong papel ang kasagutan.

Nakapagpapahayag ng paraan sa pagiging responsible.

Ang kilalang islogang “Think before you click” ay nagbibigay ng isang babala sa anuman ang iyong ipapahayag o i-post nang pasulat sa social media gaya ng Facebook, Twitter, Instagram o iba pang social media account ay hindi na mababawi pa at magagamit na matibay na ebidensiya laban sayo.


Bilang isang mag-aaral ngayon ng Akademikong Pagsulat ay magbigay ka ng mga paraang magpapaalala lalo na sa kapwa mo mag-aaral kung paano magiging responsible at makapagbibigay ng inspirasyon sa mga isinusulat o pinapaskil sa ating mga social media account.

Add comment...

Like Share

Magaling! Nagawa mong lagpasan ang unang pagsubok. Binabati kita!

Puntahan na natin ang susunod na aralin! Tiyak na marami kang matututunan at magiging bihasa ka sa larangan ng pagsulat. Tara na!




Susi sa Pagwawasto

Tayahin

1. A
2. C
3. B
4. A
5. D
6. A
7. B
8. D
9. B
10. C

Karagdagang Gawain

Malayang sasagutin ng mag-aaral ang mga katanungan sa gawain ito.



- Isaisip**
- A.
1. Teknikal na Pagulat (Technical Writing)
 2. Pamaraan ng Pagulat
 3. Malikhainag Pagulat (Creative Writing)
 4. Paksa Pagulat
 5. Propesyonal na Pagulat
 6. Layunin (Writing)
 7. Wilka Personal
 8. Personal na Ekspresibo
 9. Dyornalistik na Pagulat (Journalistic Writing)
 10. Akademikong Pagulat (Academic Writing)

Isagawa

Nakasasagawa ng Panimulang Pamanaliksik kaugnay at katangian ng iba't ibang uri ng akademikong sulatin. (Ang bahaging ito ay malayang masasagutan ng mag-aaral.)

Halimbawa:

Uri ng Akademikong Sulatin: **Malikhing Pagulat**

Nasaliksik

Kahulugan: Pagkakaiba ng mga pagpapahalaga sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa mga pagpapahalaga. Kung ito ay ang pagpapahalaga sa mga pagpapahalaga.

Katangian:

1. Subhetibo
2. Pansariling Pagpapahalagang ng Katimbang Isap
3. Akda ng buhay

Sanggunian: https://p.m.wikipedia.org/wiki/Malikhing_Pagulat

Suritin

Malayang sasagutin ng mag-aaral ang mga katanungan sa gawain ito.

Malayang sasagutin ng mag-aaral ang mga katanungan sa gawain ito.

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Mali

Unang Markahan
Baitang 12 Piling Larang (Akademiks)
REGION X

Pangalan _____

Iskor _____

PANGHULING PAGTATAYA

Pagpipili. Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na mga katanungan at bilugan ang titik na katumbas ng iyong sagot.

1. Ito'y nagsisilbing behikulo upang maisatitik ang mga kaisipan, kaalaman, damdamin, karanasan, impormasyon, at iba pang nais ilahad ng isang taong nais sumulat.
 - a. Layunin
 - b. Wika
 - c. Pamaraan ng Pagsulat
 - d. Paksa

2. Ito'y nagsisilbing sentro ng mga ideyang dapat mapapaloob sa akda.
 - a. Layunin Pamaraan ng pagsulat
 - b. Paksa
 - c. Pamaraan ng pagsulat
 - d. Wika

3. Uri ng pagsusulat na ang layunin ay pag-aralan ang isang proyekto o kaya naman ay bumuo ng isang pag-aaral na kailangan lutasin ang isang problema o suliranin.
 - a. Dyornalistik na Pagsulat (Journalistic Writing)
 - b. Malikhaing Pagsulat (Creative Writing)
 - c. Teknikal na Pagsulat (Technical Writing)
 - d. Propesyonal na Pagsulat (Professional Writing)

4. Uri ng pagsusulat na may kinalaman sa mga sulating may kaugnayan sa pamamahayag.
 - a. Dyornalistik na Pagsulat (Journalistic Writing)
 - b. Malikhaing Pagsulat (Creative Writing)
 - c. Reperensiyal na Pagsulat (Referential Writing)
 - d. Propesyonal na Pagsulat (Professional Writing)

5. Siya ang nagsabing ang abstrak ay maikli lamang, tinataglay nito ang mahalagang elemento o bahagi ng sulating akademiko tulad ng introduksyon, mga kaugnay na literature, metodolohiya, resulta at konklusyon.
 - a. Albert Einstein
 - b. Duenas at Sanz (2012)
 - c. Mabelin
 - d. Philip Koopman (1997)

6. Layunin nito na maipakita ang resulta ng pagsisiyasat o ginagawang pananaliksik.
 - a. Akademikong Pagsulat (Academic Writing)
 - b. Malikhaing Pagsulat (Creative Writing)
 - c. Reperensiyal na Pagsulat (Referential Writing)
 - d. Propesyonal na Pagsulat (Professional Writing)

7. Ayon kay Mabelin, ito'y isang pagpapahayag ng kaalamang kailanman ay hindi maglalaho sa isipan ng mga bumasa at babasa sapagkat ito ay maaaring pasalin sa bawat panahon.
 - a. Pagsasalita
 - b. Pagsusulat
 - c. pagbabasa
 - d. pakikinig

8. Ito'y isa sa limang pamamaraan ng pagsulat na naglalayong manghikayat o mangumbinsi sa mga mambabasa.
 - a. Pamaraang Argumentatibo
 - b. Pamaraang Deskriptibo
 - c. Paraang Ekspresibo
 - d. Pamaraang Naratibo

9. Ito'y isa sa limang pamamaraan ng pagsulat na ang layunin ay magkuwento o magsalaysay ng mga pangyayari batay sa magkakaugnay at tiyak na pagkakasunod-sunod.
 - a. Pamaraang Argumentatibo
 - b. Pamaraang Deskriptibo
 - c. Paraang Ekspresibo
 - d. Pamaraang Naratibo

10. Ito'y isa sa limang pamamaraan ng pagsulat kung saan ang pangunahing layunin nito ay magbigay ng impormasyon o kabatiran sa mga mambabasa.
 - a. Pamaraang Deskriptibo
 - b. Pamaraang Ekspresibo
 - c. Paraang Impormatibo
 - d. Pamaraang Naratibo

11. Ang _____ ay isang uri ng lagom na kalimitang ginagamit sa mga akdang nasa tekstong naratibo tulad ng kuwento, salaysay, nobela, dula, parabola, talumpati, at iba pang anyo ng panitikan.
 - a. Pagsulat ng abstrak
 - b. Pagsulat ng bionote
 - c. Pagsulat ng sinopsis o buod
 - d. Posisyong papel

12. Layunin ng _____ na maisulat ang pangunahing kaisipang taglay ng akda sa pamamagitan ng pagtukoy sa pahayag ng tesis nito.
 - a. Pagsulat ng abstrak
 - b. Pagsulat ng bionote
 - c. Pagsulat ng sinopsis o buod
 - d. Posisyong papel

13. Tiyaking wasto ang _____, pagbabaybay, at mga bantas na ginamit sa pagsulat.
- idyoma
 - gramatika
 - sukat
 - tugma
14. Sa pagsulat ng sinopsis o buod basahin ang buong _____ at unawaing mabuti hanggang makuha ang buong kaisipan o paksa ng diwa.
- buong seleksyon o akda
 - gitna lamang ng akda
 - simula lamang ng seleksyon o akda
 - wakas lamang ng seleksyon o akda
15. Sa pagsulat ng buod o sinopsis iwasang magbigay ng _____.
- di obhetibong pananaw
 - ideyang sang-ayon sa orihinal
 - obhetibong pananaw
 - sariling pananaw o paliwanag tungkol sa akda.
16. Ang **bionote** ay _____ sa buhay ng isang tao na naglalaman ng buod ng kanyang **academic career**.
- awit
 - tala
 - talumpati
 - tula
17. Kung ito naman ay gagamitin para sa **networking site**, sikaping maisulat ito sa loob ng _____ na pangungusap.
- 4 hanggang 5 na pangungusap
 - 7 hanggang 9 na pangungusap
 - 8 hanggang 10 na pangungusap
 - 5 hanggang 6 na pangungusap
18. Sa pagsulat ng **bionote** kailangang gumamit ng _____ upang maging malinaw at madali itong maunawaan.
- character ketch**
 - idyoma
 - payak na salita
 - talasalitaan
19. Ang **bionote** ay maituturing ding isang uri ng lagom na ginagamit sa pagsulat ng _____ ng isang tao.
- epiko
 - maikling kuwento
 - personal profile
 - tula
20. Sa pagsulat ng **bionote**, isulat ito gamit ang _____ upang maging litaw na obhektibo ang pagkakasulat nito.
- Unang Panauhan
 - Ikalawang Panauhan
 - Ikatlong Panauhan
 - Ikaapat na Panauhan

21. Ito ay artikulasyon ng mga ideya, konsepto, paniniwala, at nararamdaman sa paraang nakalimbag.
- Pagbabasa
 - Pakikinig
 - Pagsasalita
 - Pagsusulat
22. Ito ay isang uri ng lagom na karaniwang ginagamit sa pagsulat ng mga akademikong papel tulad ng tesis, papel na siyentipiko at teknikal, lektyur, at mga report.
- abstrak
 - bionote
 - buod
 - obhetibo
23. Ang nagsisilbing gabay sa paghabi ng mga datos o nilalaman ng iyong isusulat.
- layunin
 - pamamaraan ng pagsulat
 - paksa
 - wika
24. Sa pagsulat, dapat taglayin ng manunulat ang kakayahang mag-analisa o magsuri ng mga datos na mahalaga o hindi gaanong mahalaga, o maging ng mga impormasyon dapat isama sa akdang isusulat.
- kaalaman sa wastong pamamaraan sa pagsulat
 - pamamaraan ng pagsulat
 - kasanayang pampag-iisip
 - kasanayan sa paghabi ng ng buong sulatin
25. Ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa wika at retorika.
- kaalaman sa wastong pamamaraan sa pagsulat
 - pamamaraan ng pagsulat
 - kasanayang pampag-iisip
 - kasanayan sa paghabi ng ng buong sulatin
26. Kakayahang mailatag ang mga kaisipan at impormasyon sa isang maayos, organisado, obhektibo, at masining na pamamaraan mula sa panimula ng akda hanggang sa wakas nito.
- kaalaman sa wastong pamamaraan sa pagsulat
 - pamamaraan ng pagsulat
 - kasanayang pampag-iisip
 - kasanayan sa paghabi ng ng buong sulatin
27. Pangunahing layunin nitong maghatid ng aliw, makapukaw ng damdamin, at makaantig sa imahinasyon at isipan ng mga mambabasa.
- akademikong pagsulat (Academic Writing)
 - malikhaing pagsulat (Creative Writing)
 - reperensiyal na pagsulat (Referential Writing)
 - teknikal na pagsulat (Professional Writing)

28. Binibigyang-pansin nito ang paggawa ng mga sulatin o pag-aaral tungkol sa napiling propesyon o bokasyon ng isang tao.
- akademikong pagsulat (Academic Writing)
 - malikhaing pagsulat (Creative Writing)
 - reperensiyal na pagsulat (Referential Writing)
 - propesyunal na pagsulat (Professional Writing)
29. Layunin ng sulating ito na bigyang-pagkilala ang mga pinagkunang kaalaman o impormasyon sa paggawa ng konseptong papel, tesis, at disertasyon.
- akademikong pagsulat (Academic Writing)
 - malikhaing pagsulat (Creative Writing)
 - reperensiyal na pagsulat (Referential Writing)
 - propesyunal na pagsulat (Professional Writing)
30. Ang Gawain.g ito ay makatutulong sa pagpapataas ng kaalaman ng isang indibidwal sa iba't ibang larangan.
- akademikong pagsulat (Academic Writing)
 - malikhaing pagsulat (Creative Writing)
 - reperensiyal na pagsulat (Referential Writing)
 - propesyunal na pagsulat (Professional Writing)

II. Basahin ang mga sumusunod na pahayag at isulat sa inilaang patlang ang salitang TAMA kung wasto ang pahayag. Isulat ang MALI kung mali ang pahayag.

- _____ 1. Nagsisilbing gabay o padron ng isusulat na pag-aaral ang balangkas.
- _____ 2. Bagaman maikli, kinakailangang malinaw at direkta ang pagbubuod.
- _____ 3. Sa pagbabalangkas, mas mainam ang pasaklaw (deductive) na pag-aayos ng mga ideya.
- _____ 4. Sa pagbabalangkas, maaaring gumamit ng mga parirala o pangungusap bilang paksa ng bawat aytem.
- _____ 5. Sa pagbabalangkas, kinakailangan ng mga sumuportang ideya ang bawat pangunahing paksa.
- _____ 6. Mahalagang isaalang-alang ang wika, paksa, at layunin sa anumang uri ng pagsulat.
- _____ 7. Ang malikhaing pagsulat at teknikal na pagsulat ay kapwa maituturing na akademikong pagsulat.
- _____ 8. Ang mga guro, manunulat, at mag-aaral lamang ang dapat na matuto ng propesyonal na pagsulat.
- _____ 9. Maaaring magbigay ng enumerasyon ng mga bagay na inilalahad o di kaya'y suriin ito batay sa bahagi o uriin ayon sa kategorya kapag sumusulat ng tekstong naglalahad.
- _____ 10. Ang tekstong naglalarawan ay nagkukwento ng isang pangyayari o mga pangyayaring magkakaugnay at may karakterisasyon o pag-unlad ng tauhan

III. Mga Akademikong Sulatin (sundin ang kalakip na rubriks)

Basahin ang akademikong journal na pinamagatang ***Ekonomiks sa Diwang Pilipino: Halo-Halo, Tingi-Tingi at Sari-Sari*** at gumawa ng isang **balangkas**. (10 puntos)


Ekonomiks sa Diwang Pilipino: Halo-Halo, Tingi-Tingi at Sari-Sari
Tereso S. Tullao, Jr.

Intensyon ng pag-aaral na ito na makapag-ambag sa pagpapaunlad ng wikang Filipino upang lalong mapabilis ang intelektwalisasyon. Marapat lamang sundin, hamak man, ang mga katangi-tanging sulatin na pinasimulan ng mga Pilipinong propesor tulad nina Nicanor Tiongson, Virgilio Enriquez, Emerita Quito, Wilfrido Villacorta at Isagani Cruz na gumamit ng wikang Filipino bilang instrumento sa pagsusuri, paglilinaw at pagsasaayos ng mga konseptong naglalarawan ng ating katauhan, buhay at lipunan. Sa sanaysay na ito, tinalakay at sinuri ang limang pangunahing konsepto sa ekonomiks sa diwang Pilipino. Ang layunin ay hindi lamang upang makapagbigay ng panimulang introduksyon sa isang mahalagang sangay ng agham panlipunan kung hindi gamitin ang kaalamang ito sa paglutas ng pangunahing problemang pangkabuhayan at pangkaunlaran.

Mga Susing Salita: pagpapaunlad ng wika, intelektwalisasyon, konsepto sa ekonomiks, diwang Pilipino, problemang pangkabuhayan at pangkaunlaran.

Rubriks ng balangkas

Kategorya	5	4	3	2
Pagbabahagi ng ideya	Angkop ang pagbabahagi ng mga ideya. Wasto at sapat ang mga pantulong na paksa sa ilalim ng bawat paksa	Angkop ang pagbabahagi ng mga ideya. Wasto ngunit hindi sapat ang mga pantulong na paksa sa ilalim ng bawat paksa	Hindi angkop ang pagbabahagi ng mga ideya. Wasto ngunit hindi sapat ang mga pantulong na paksa sa ilalim ng bawat paksa	Hindi angkop ang pagbabahagi ng mga ideya. Hindi wasto at sapat ang mga pantulong na paksa sa ilalim ng bawat paksa
Organisasyon ng mga Ideya	Angkop na pagkakasunod -sunod ng mga ideya	Angkop ngunit hindi gaanong nagkakasunod -sunod ang mga ideya	Hindi angkop at hindi gaanong nagkakasunod sunod ang mga ideya	Ang mga ideya ay hindi nagkasunodsunod.



Susi sa Pagwawasto

III.

Malayang sagot ng mag-aaral. **10 puntos**

II.

1. Tama
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. Tama
6. Tama
7. Mali
8. Mali
9. Tama
10. Mali

I.

Panghuling Pagtataya

1. B
2. B
3. C
4. A
5. D
6. A
7. B
8. A
9. D
10. C
11. C
12. C
13. B
14. A
15. A
16. B
17. D
18. C
19. C
20. C
21. D
22. A
23. A
24. C
25. A
26. D
27. B
28. D
29. C
30. A

Sanggunian:

<https://tl.m.wikipedia.org> > *wiki*> **Malikhaing Pagsulat**

Julian A.B. at N.S. Lantoc (2017). *Pinagyamang Pluma: Pagsulat sa Filipino sa Piling Larang (Akademik)*. Quezon City, Quezon City, Phoenix Publishing House Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-
BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph